

1

“Dati istilong Barbara Streisand, ’tapos naging Madonna, at ngayon naman iyang ‘Diane Bonfrostimbang,’” sabi ng boyfriend niya habang naglalakad sila.

Malamig ang panggabing hangin. Katatapos lang nilang maghapunan noon sa paborito nilang Chinese restaurant.

“Diane von Furstenberg or DVF for short,” pagtatama ni Villisa sa malumanay na tono. “And she’s a genius with her designs.”

“Whatever. Villisa, I can’t stand this anymore. Masyado kang unique. You’re too quirky for me,” sabi ni Bert, ang nobyo niya.

“Don’t you like my creations?” aniya na nakabuntot sa nagmamadaling lalaki.

“It’s not that I don’t like your clothes, I just don’t get it,” sabi nito na bahagyang sumulyap sa kanya. Pagkatapos, sumige na naman ito sa paglalakad.

Bumuntong-hininga si Villisa. Ganoon talaga si Bert. Sanay na siyang nagrereklamo ito sa mga designs niya. Pero marami din naman itong pogi points. For one, he’s a very good psychotherapist. Wala pa nga lang kliyente. Kasi nga, kakapasa pa lamang nito sa practicum.

Wonderful Weird Wedding - Mika Edelstann

At guwapo talaga ito. Kulot-kulot ang buhok, pero parati iyong maiksi at maayos tingnan. Bagay sa mga mata nito ang suot na salamin. Matalino at pogi ang kabuuang dating ng kanyang nobyo.

“I suggest a break-up,” sabi nito.

Sa psychotherapy kasi, mas kampi ito sa school of thought na dapat diretsahin mo ang gusto mong sabihin sa kliyente. Give the other person a whack on the head, 'ika nga. Huwag nang magpaligoy-ligoy pa.

“B-baka puwede naman nating pag-usapan,” mahina niyang sabi.

“We’re not compatible in many aspects. And I’m thinking of getting back with my ex.”

Napikon siya doon. Pangatlong date pa lang kasi nila ay ikinukuwento na nito ang ex-girlfriend na napakabait daw. Hindi naman siya selosa, kaya hindi na lang siya nag-react. Pero ngayon, nangagalaiti siya. Parang kumukulo na nga ang dugo niya.

“Okay,” buntong-hininga niya. “Magkalimutan na tayo.” Pinigil ni Villisa ang nakaambang luha. Nag-chin-up siya at marahang pumihit patalikod kasabay ng kanyang dignidad na hindi niya hinayaang mabawasan.

“Hindi naman sa ga—”

Hindi na niya narinig ang sinabi nito.

Well, sumigaw ito ng, “Hey, wait!”

Pero kinawayan niya ito na parang pang-*Miss Universe*, pumara ng taxi, saka nagpahatid sa loft house kung saan siya nakatira.

Iyon ang hindi maganda kay Villisa. Para siyang bato. Ni hindi siya umiyak nang sabihin ni Bert na break na sila. Hindi ba dapat nagwala siya? Hindi ba dapat ay bumanat siya ng iyak at nagmakaawang mahalina siya ni Bert? Imbes, iniwan niya ito.

Pagkapasok niya sa bahay, saka lamang siya nakadama ng lungkot. Nahulog ang mukha niya nang ipatong niya ang bag sa kitchen counter. Binuksan niya ang ref at kinuha ang kalahating litro ng ice cream na vanilla flavor at sumubo ng isang kutsara. Ibinalik niyang muli ang lalagyan sa freezer at hinugasan ang kutsara.

“That was good,” aniya at umakyat na sa loft. Tinupi niya ang hinubad na slacks at blouse at ibinato iyon sa hamper. Nagbihis siya ng preskong pambahay.

Dapat ay nakadapa siya sa kama at nag-iiyak, pero bumaba siya at pumunta sa kusina, muling kinuha ang kalahating litro ng ice cream, ang kutsara, at tinungo ang salas ng loft house kung saan siya nananahi at nagdidisenyo ng mga damit.

Nga lang nang gabing iyon, hindi disenyo na ibebenta sa Internet ang inatupag ni Villisa. Wala siya sa mood na gawin iyon. Imbes, pinagkaabalahan niyang i-drape sa fitting form ang silk

satin na puti at yarda-yardang lace na puti din.

“Nobody’s marrying me? Then I’m going to marry myself,” deklara niya sa malakas na tinig nang tumingin sa salamin na mula sa higit hanggang kisame ang taas.

“Bakit hindi? It’s a good idea,” depensa niya sa naisip. “Marrying oneself means accepting one’s flaws and strengths. Marrying oneself means attaining *one-ness*.”

Ito na. Ito na nga yata ang reaction ni Villisa sa break-up. Nabuang na yata siya nang tuluyan. Well then. Wala siyang pakialam.

Marrying herself might be a weird idea, but she felt good thinking about it. And she wanted nothing at the moment but good feelings. Sumubo siyang muli ng ice cream.

Swerte niya dahil hindi siya tumataba kahit gaano karami ang kainin niya; naiimpatso lang. Sige siya sa paglantak ng ice cream habang nag-iisip ng disenyo ng tatahiin niyang wedding gown.

“Akala yata ni Bertie malaking kawalan sa ’kin ang relasyon namin. Kawalan nga ba?” sabi niya na bumalik sa pagde-drape ng tela sa fitting form.

Naalarma at na-weirdo-han talaga siya sa reaction niya sa break-up nila. In love naman siya sa lalaki. They had

shared intimate moments. Tiningnan-tingnan pa nga nito ang palasingsingan niya at alam niyang tinatantya nito kung ano ang sukat ng kanyang daliri para sa pinakamahalagang singsing sa buhay ng isang babae.

Nasaktan siya, nalungkot siya, pero hindi pa siya umiyak. Hindi kaya may diperensya ang tear glands niya? Hindi kaya emotionally stupid siya?

“I, Villisa, will take myself as my bride. To have and to hold, for better, for worse, in sickness and in health, for as long as I live.

“Ganoon naman talaga sa mundo, kaya masanay ka na,” aniya sa sarili. “Sa dulo ng paglalakbay ng buhay ay tayo pa din ang magkasama, ikaw Villisa at ako.”

Pagkasabi niyon, saka lamang pumatak ang luha niya na nasundan pa, at nasundan pa. Hanggang sa umiiyak na siya at ginawa nang pamunas ang lumang T-shirt dress sa kanyang mukha.

Tatlong linggo ang inilagi ni Villisa sa bahay mula nang nakipag-break sa kanya si Bert. Kung hindi siya umiiyak at sumisinga sa tissue ay kumakain siya ng litro-litrong vanilla ice cream o kaya’y tsokolate at red wine na ipinapadala ng mga butihing kaibigan. Kung hindi naman, umiiyak habang naghahapunan ng pizza o Chinese food o hamburger at French fries na in-order niya gamit ang telepono. Matapos ang tatlong linggo, nakagawa siya ng wedding gown, nakipag-ugnayan sa

isang wedding planner, at naubos ang kanyang luha.

Matapos din ang tatlong linggo, kinumbida niya ang mga kaibigan sa isang coming-out party sa function hall ng kabubukas lang na hotel. Manager doon ang kaklase niyang nagpapagawa sa kanya ng art plates at kumukopya sa kanya sa Geometry tuwing may test noong high school. Binibigyan lang naman niya ito ngayon ng pagkakataon na masuklian nito ang utang na loob sa kanya.

Sinabi ni Villisa sa mga kaibigan na nagdiriwang siya dahil unang-una, naka-recover siya sa pinakamahirap na break-up sa buhay niya; pangalawa, nalaman niyang hindi siya naging alcoholic o chocolate addict o depressed habang naglalagi siya sa bahay; at pangatlo, dahil pakakasalan niya ang sarili niya at ang blow-out na iyon ang magsisilbing engagement party.

Ortigas, Pasig City

“Kiel,” tawag sa kanya ng wedding planner sa matipid, kalmado, at matigas na boses. “Thanda mo ang checklist mo, heto ang development for the day ng wedding ceremony: the small, old church in Villa Roja is reserved. The celebrant for the wedding is booked. That would be Monsigneur Medina, ’yung nagkasal sa mga magulang mo noon. Your reception will take place in the golden pavilion of *The Prague*. As per your bride, your caterer is serving vegan food, no meat, no eggs, no dairy. Your choice

of wine just arrived from the biodynamic vineyard in Napa. Did you get all that?”

“Yes, Ma’am,” tugon niya. Totoong napapa-Ma’am siya sa aleng ito gayong siya ang kliyente at siya dapat ang nasusunod.

Kasi naman, maawtoridad ito sa kakaibang paraang hindi niya mailarawan. Parating nakakonserbatibong pusod ang buhok nito, naka-*Chanel* suit kapag nagmi-meeting sila. Mababa ang tinig ni Madam Garvida. And she talked in a *no-nonsense* way. Kakaiba ito sa mga naunang wedding planners na iprinisinta sa kanya ng kanyang sekretarya. At may reputasyon na ito sa alta-sociedad. Nagdesisyon si Kiel na ito ang piliing wedding planner nang marinig niya itong magsalita.

“I knew that I made the right choice when I chose you as my wedding planner, Ma’am,” sabi niya.

“Mabuti kung gayon. We’re not just planning a wedding here, you know. You are also charting your destiny.”

Whatever, ani Kiel sa isip. Basta. Make this thing really good and easy and stress-free for me and my bride. Make it worth what I paid you.

“Okay, Ma’am, do keep us updated. The wedding is what, weeks away?”

“One week and three days.”

Bahagya siyang napaiktad. Ganoon pala kabilis ang panahon.

Siyempre, excited si Elizabeth nang isukat ang wedding gown.

“Ay!” sabi ng mga bridesmaids nito dahil di-inaasahan ng mga ito na isusuot iyon ng dalaga. Hindi raw kasi matutuloy ang kasal pag ginawa iyon ng bride, ayon sa isang pamahiing Pilipino.

Modernong mga kadalagahan man, naniniwala pa rin ang mga ito na hindi dapat isuot ang wedding gown hangga’t hindi dumarating ang araw ng kasal.

“Ano naman ang koneksyon ng pagsusukat ng gown sa pagiging tuloy o hindi ng kasalan? Kayo talaga,” ani Elizabeth, natatawa. “Pamahiin lang iyan. Wala sa Biblia iyan.”

Napa-ah na lang ang mga kadalagahan nang magpaikot-ikot sa harap ng salamin ang nobya ni Kiel. Nabighani sila sa damit ng ikakasal na gawa sa milya-milyang lace. Sa reaksyon pa lang ng mga kadalagahan, flattered na sana ang baklang nag-design ng gown—kung hindi lang ito nahimatay.

Ngayon ay pinapaypayan ng mga modista nito ang designer, pinapahiran ng *Vicks*, *Katinko*, *White Flower*, at *Tiger Balm*. Sa tanang buhay kasi nito, wala pa itong kliyenteng bride na nagsuot ng wedding gown bago ang araw ng kasal.

Sumunod ang mga bridesmaids at nagsipagsukat na rin ng kani-kanilang gowns. Turquoise at gold ang motif nina Kiel at Elizabeth.

Wonderful Weird Wedding - Mika Edelstann

Napa-ah at napa-oh muli ang mga kadalagahan nang maisuot na ng mga ito ang mga gown na yari sa shantung silk na kulay dark turquoise. Pinaliit ng malalapad na gold belts ang kani-kanilang mga baywang.

Umayos lamang ang baklang designer nang kausapin ito ng cashier.

“Tita, relax ka lang. Ang chaka mo tingnan kapag nahihimatay. At saka heto, o, whatever happens, fully paid na ang traje de boda.”

Tila nagliwanag ang buong dress shoppe nang mahimasmasan ang designer.

“Ang suwerte naman nitong girlash,” anang isang modista. “Ang groom ang nagbayad ng lahat-lahat.”

“Puwede bang i-Xerox copy ang groom?”

“I-clone?” tanong ng isa pa.

“This is one of the best days of my life,” sabi naman ni Elizabeth sa pagkatamis-tamis na tinig—napakatamis—na hindi nahalata ng lahat na nasa silid na iyon na nakatiim-bagang siya at buo na ang kanyang desisyon...

Masaya ngunit kalmado lang ang lalaking naka-Amerikana habang kinakausap ang nasa kabilang linya. Puno *love* at *honey*

at mahal ang bawat pangungusap nito. Mayamaya ay huminga ito nang maluwas, na para bang may malaking balakid na nalampasan.

“Yes, our bags are ready, *love*, and I’ll be waiting for you here,” sabi nito. “This is the work of the hand of God. We can see this through, honey. I love you.”

Nang kumpirmahin ng kausap kung saan at kailan sila magkikita, isinara na nito ang clam-phone. Ngumiti ang lalaki nang buong saya hanggang sa maluha ito at paulit-ulit na umusal ng pasasalamat.

“Thank you, Lord,” ilang beses na sabi nito.

“I’m not going to that freakin’ wedding,” sabi ni Elizabeth. “Magtatanan kami ng boyfriend ko. At hindi ko sasabihin kung saan kami pupunta. Kung gusto n’yo, si Dad ang ipakasal ninyo sa Kiel na iyan. After all, sila naman ang nagkasundo. Si Dad ang may utang sa taong iyon, di ba? O, eh, di sila ang magpakasal.

“And by the way, you can take the gown back. It has served its purpose. Isinukat ko na kahapon. I don’t like the gown—it’s so baduy—and actually, I’m a rather superstitious girl. Dahil isinukat ko na ’to kahapon, hindi na ngayon tuloy ang kasal. ’Bye.”

Tiningnan ng assistant wedding planner ang cell phone na para bang nagkaroon iyon ng sungay at buntot at sandosenang

Wonderful Weird Wedding - Mika Edelstann

lumiliyab na mga mata.

Napaupo sa sementadong kalsada ang assistant wedding planner ni Madam Garvida, naglulupasay. He whimpered and tore at his hair.

Mayamaya ay tumayo ito at ibinigay sa amo ang malas na cell phone. Tinawagan ni Madam Garvida ang kliyente at parehong mensahe ang narinig nito mula kay Elizabeth: hindi ito darating sa kasal.